

1

“Something new is in the air,” masayang sambit ni Nessa, ang manager ng *Choco Swirl Bakeshop* habang nakatingin sa latest transactions na ginawa nila.

Dumekuwatro siya saka komportableng sumandal sa upuan habang hinihintay ang aplikanteng i-interview-hin niya. Wala pang alas diez kaya hindi pa sila nagsisimula. It’s been four years since she started working in this company. Halos kauumpisa pa lamang ng business na ito noong mag-apply siya na maging cashier. Challenge iyon para sa kanya lalo na’t nakapagtapos siya ng Hotel and Restaurant Management. But it didn’t bother her a bit. Everyone has to climb the ladder of success starting from the bottom.

Hindi madali ang buhay para kay Nessa. Her father left her and her mom when she was ten. Nagpunta ito sa ibang bansa at sumama sa mistress nito. Namasukan ang kanyang ina bilang mananahi at labandera upang maitaguyod siya sa pag-aaral. All was well, until tragedy struck when she was in high school. Nagkaroon ng malubhang sakit ang kanyang ina. Nakatapos na siya ng high school noong malaman nilang malala na pala ang sakit nitong diabetes. Marami na itong naging komplikasyon kaya paglipas ng tatlong buwan, wala na siyang ina.

Napabalikwas si Nessa dahil sa malakas na tunog ng

cellphone.

“Lucena!” magiliw niyang bati sa kaibigan mula sa kabilang linya. “Nakakainis ka naman, ang tagal mong tumawag. N’ung isang linggo ko pa hinihintay ang tawag mo,” reklamo niya. “I’m going to be very busy soon. Sayang, di tayo makakapag-usap nang matagal.”

Lucena played a big role in her life. She was God’s instrument, her encourager when things were down. She considered Lucena as the sister that she never had.

Kung hindi dahil sa babae, maaaring kung saan na siya pinulot. Matapos ang kamatayan ng ina, muntik na siyang sumubok magdroga dahil sa matinding depression. Mabuti na lang at nalaman iyon ni Lucena. Dinala muna siya nito sa kanilang probinsya upang mailayo sa masasamang impluwensya ng kanyang barkada. That was where she came to know the Lord.

Sa maikling panahon na inilagi ni Nessa sa bahay ng babae, marami siyang natutunan at natuklasan sa buhay. Madalas kasing magkaroon ng bible study roon sa bahay ng kaibigan. Dito niya mas higit na nakilala kung ano ang tunay na disenyo ng Diyos sa bawat tao. Nakita niya rin ang epekto ng kasalanan sa buhay ng tao. By the time she went back to her hometown to go back to school, she was not only fully recharged physically but also spiritually.

Nag-aral siya ng HRM for four years, pero hindi iyon madali

dahil kailangan niyang maging working student. Madalas pagod siya at inaantok habang nasa klase, pero sa biyaya naman ng Diyos ay naitaguyod niya ito. Nang maka-graduate siya, siya ring alis ng kanyang kaibigan upang mag-abroad. This saddened her for a while but she knew that life had to go on. Kahit na malayo na ang distansya nilang dalawa, nagawa naman nilang magtawagan paminsan-minsan.

“Ikaw naman, nagtatampo kaagad. Sorry, I’m so very busy here at the beach resort, I don’t have any time to call,” dispensa nito. “Kumusta ka diyan? Ano’ng balita sa business?”

Isinalaysay ni Nessa ang mga latest developments sa kanyang hinahawakang maliit na bakeshop, pati na rin ang pag-angat niya sa position.

“Wow, I can’t believe na manager ka na d’yan! Umasenso ka na talaga!” Pagkamangha at tuwa ang maririnig sa boses ng kaibigan. “And to think you just started as a simple cashier.”

“Oo nga, Ate Lucena, God is truly faithful. Pag naging tapat ka talaga sa maliliit na bagay, pagkakatiwalaan ka pa Niya nang mas malaki.”

“Tama! I’m glad you’re still strong in the Lord kahit wala ako sa tabi mo. Nakakapagsimba ka pa ba?”

“Actually, I haven’t been going to church lately dahil sa sobrang pagiging busy,” she admitted with a hint of regret. “But I’m going to try my best to attend church this month.”

“Good! Don’t ever forget God, Nessa. He’s the only one who will be by your side in good times and in bad.” Her voice was very gentle and sincere.

“Yeah, I know, Ate. Di ko naman nakakalimutan.” Saglit siyang tumahimik. Naging seryoso ang kanyang tinig. “Ate, I miss you a lot. When are you coming to visit?”

“Why the lonely voice?” pagtataka nito. “I’m not sure kung kailan ako makakabalik diyan sa ’Pinas, pero i-inform kita kapag pauwi ako,” pangako nito. “Bakit ka ba nalulungkot? Wala ka pa bang boyfriend?” nanunuksong tanong nito.

“Ate naman, wala pa ’yan sa isip ko, ’no.” Namula bigla ang kanyang pisngi.

“Really? Mukhang imposible naman ’ata ’yan lalo pa’t napakaganda mo!”

“Totoo, Ate, wala pa akong boyfriend. Gusto ko munang mag-enjoy sa buhay. Puro sugat lang sa puso ang mapapala mo sa mga lalaki.” Her voice was melancholic.

“Don’t tell me you’re judging all the guys on earth dahil lang sa ginawang pagkakamali ng ama mo. That’s not right, Nessa,” marahang saway nito.

“Hindi ’no! I’m over that. Nakapag-move on na ako!” mariing tanggi niya. “Maybe it’s just not the right time yet.” Napatingin siya saglit sa kanyang relo. “Naku, Ate, I have to go now. I’ll be

having some applicants soon, pasensya na.”

“Okay lang, I have to go now, too. Madami na rin kasing pumapasok na mga customers dito. I’ll try to call you next week, okay?”

“Okay.” Matapos ang pakikipag-usap, inayos na ni Nessa ang suot na office uniform. Tumayo siya saglit at pinagmasdan ang sarili sa salamin na nakasabit sa dingding, katabi ng malaking cabinet file.

Habang pinagmamasdan ang sarili ay lumapad ang kanyang ngiti. Tama nga pala si Ate Lucena niya, maganda siya.

Noong nasa college pa siya, madalas siyang kunin bilang muse sa kanilang sports fest. Makinis at maputi kasi ang kanyang balat at matangkad pa siya. Di lang iyon, she had the right curves in the right places. Marami rin ang naging manliligaw niya, pero ewan niya, di talaga siya naglakas-loob pumasok sa isang relasyon. Siguro nga tama ulit si Lucena; takot siyang magtiwala sa mga lalaki, lalo na sa mga guwapong katulad ng kanyang ama.

Tinanggal ni Nessa ang pagkakatali ng kanyang maitim, lampas-balikat, at alun-along buhok at pinaglaruan iyon. “Do the *Pantene* bounce!” aniya habang pangisi-ngising iginagalaw-galaw ang kanyang silky soft hair.

“I’m sorry but I’m not looking for a shampoo,” magiliw na bigkas ng isang lalaki sa may bandang pintuan. Hindi niya namalayang nakapasok ito sa kanyang opisina. Bigla siyang

namula dahil sa hiya.

“Hindi ka ba marunong kumatok?” Her eyebrows arched. She was irritated. Mabilis niyang itinali ang buhok nang hindi man lang nililingon ang lalaki.

“I’m sorry but I did knock several times. I guess you were just busy doing your commercial.”

Ay, akala niya ang cute niya! Ang lakas ng loob mong makipagbiruan, ni hindi ka pa nga natatanggap dito.

“Puwes, I’d like you to know that if you’re going to work in this place, you have to learn to give respect to those who are in authority,” seryosong sagot ni Nessa.

“I understand,” sincere na sagot naman nito na tila ba napahiya.

“Your resumé please?” aniya sabay baling dito bago bumalik sa kanyang mesa. Lumakad ang lalaki papalapit at iniabot ang hinihingi niya.

Nagtama ang kanilang mga mata at biglang bumilis ang pagtambol ng kanyang puso. There, in front of her was a tall, good-looking guy, with chinky eyes and a charming smile that could melt hearts.

Hindi kami naghahanap ng model. Iyon sana ang kanyang sasabihin pero pinigil ni Nessa ang sarili. Narinig niyang bigla ang pagtikhim ng lalaki na tila nakahalata sa kanyang pagkatulala.

Namula ang mga pisngi ng dalaga at patay-malisyang inalok itong umupo. Madalas kasing babae ang mga aplikante nila. Kung mayroon mang maligaw na lalaki, mga simple lang at di kasing-guwapo, kasing-tikas at -taas nitong kaharap niya.

“So you’re applying for a job here?” pasimula niya nang bumalik na sa normal ang pagtibok ng kanyang puso. Hindi siya makatingin sa lalaki kaya doon siya sa resumé nakatingin, sa picture nito roon.

Ang guwapo niya talaga.

“So you’re an HRM graduate. Have you ever tried to look for jobs in other places?”

“Actually I have, and I got the chance to work for a few years, but it didn’t last long,” simpleng sagot nito.

“Really?” Napataas ang kanyang kilay. Derecho niyang tiningnan ang kausap. “And why not, may I ask?”

“Well, I feel like I can do more with my talents. Ayokong nagiging isang mundane routine lang ang trabaho ko. I’m the type of person who wants to be thrilled.”

“Eh di, mag-artista ka na lang,” bulong niya.

“What?” tanong nito.

“Nothing,” sagot ni Nessa sabay scan sa hawak niyang resumé. “So how is this place going to challenge your skills?”

Nangislap ang mga mata ng lalaki at ngumiti. “Actually, I’m into painting and sculpting. I could use these same talents on your pastries at for sure, marami ang maa-attract na customers. Hindi kasi madalas magkaroon ng mga bakeshop na gan’un,” bida nito.

Nagkagulo bigla ang mga tahimik na paru-paro sa kanyang tiyan dahil sa matamis nitong ngiti. Her curiosity was piqued. “So have you ever tried this talent of yours before?”

“Yes, I have. At the bakeshop that I used to work at.”

“And what were the results?”

“Tumaas actually ang mga sales namin dahil sa dami ng mga orders. Are you familiar with *Rose Bakeshop*? That’s where I used to work.”

Namilog ang mga mata ni Nessa. “That’s our strongest competitor,” bulalas niya. “They’re very well known for their sculpted cakes.” Hindi siya makapaniwalang ang alas ng nabanggit na bakeshop ay nag-a-apply ngayon ng trabaho sa kanila. Pero sandaling nawala ang sigla sa kanyang mukha. Paano kung mabore din ito sa kanila? Baka iwan din sila nito, lalo na kung may mag-alok dito ng mas mataas na suweldo.

“Mr...” Lumingon siyang muli sa resumé to read his name. “Mr. Arnel Kobayashi, I consider loyalty and commitment very important when it comes to having employees. What can you say about this?”

“If you are asking me why I resigned from the other bakeshop, I will gladly explain that to you. I loved working for *Rose Bakeshop*. In fact I was their best employee for the most of my time there. I also loved working with the people there. Lately rin lang ako nagkaroon ng interes sa pagpa-paint ng picture sa mga pastries, so that wasn't the issue. Most of the time, I did cake sculpting. But the assistant manager became interested in sculpting, too.” Lumapad bigla ang ngiti nito.

“What do you mean?” takang tanong niya.

“Well, napag-isip-isip niyang ako ang pagtuunan ng sculpting. In other words, nananantsing siya.” Kumindat ito sa kanya.

Tila nakuryente si Nessa sa unexpected gesture na iyon.

Expressive ang mga mata niya kahit na singkit. Super cute din ang eyebrows, pagmamasid niya. May girlfriend na kaya siya?

Napatikhim tuloy ang lalaki na tila ba nabasa ang kanyang iniisip. “I think if I get hired here, I will be able to do the same things that I love to do, without going through the same problem,” anito habang mataman siyang pinagmamasdan.

Naramdaman niyang nag-init bigla ang kanyang pisngi dahil sa hiya. *Antipatiko! Ang kapal naman ng mukha!* galaiti niya.

“Well, we'll see,” simpleng sabi niya.

Napapaisip si Nessa dahil mukha naman itong matinong

empleado, pero nagdadalawang-isip siya. Napansin pa niyang pinagmamasdan siya nitong mabuti kaya lalo siyang nahirapang mag-concentrate.

“Is there anything you would like to ask me, Mr. Kobayashi?” Derecho niya itong tiningnan sa mga mata. Napansin niyang medyo napaurong ang lalaki nang magtama ang kanilang mga paningin at hindi ito nakapagsalita.

Alam niyang magaganda ang mata niya at lalo iyong namimilog kapag ganoong seryoso siya.

Kahit medyo natawa si Nessa sa reaksyon nito, hindi siya nagpahalata. Lumipas muna ang ilang minuto bago siya muling nagsalita. “Sorry, Mr. Kobayashi, but I can’t hire you. You’re overqualified for the position, and I know that your talents will be wasted kung babagsak ka lang bilang cashier,” paliwanag niya. “At this point, we have enough bakers and cake decorators—”

“I’m willing to work sa kahit anong position kung papayag kayo,” sabat nitong bigla. “Kahit na delivery boy pa.” Ipinatong nito ang kamay sa mesa at di sinasadyang nagtama ang mga daliri nila.

May gumuhit na init sa kanyang sikmura at agad niyang iniusod ang kamay palayo sa kamay nito. *Lalo mo akong pinapahirapang mag-decide.*

Tiningnan niya muli ito at napabuntong-hininga. She had to make a final decision now.

“I’m sorry, Mr. Kobayashi.” She saw a hint of disappointment on his face. “Siguro kung bakers at cake decorators ang kailangan namin, maaari pa kitang i-hire. And it would not be fair for someone like you to be hired for a low position. But don’t worry, if ever we will be in need of those positions, I’ll gladly call you.” Nakaramdam siya ng panghihinayang.

Ngumiti lamang ang kaharap, saka dahan-dahang tumayo. “I understand,” simpleng sagot nito. “Well, it was definitely nice to meet you, Miss...?”

“Miss Quanco,” sagot niya.

Inalok nito ang kamay para sa isang handshake nang biglang may kumatok sa pinto ng kanyang office. Sabay silang napalingon doon.

“Excuse me, Ma’am, nag-call-in sick po sina Mark at Mel,” balita ng isa nilang empleyado nang buksan nito ang pinto. “Di raw sila makakapasok for two weeks. Kulang po ang baking staff natin.”

Mabilis na napalingon muli sa kanya si Arnel. “I guess you’ll be needing my services after all,” masiglang anito, nangingislap ang mga mata.

“I... I guess we do,” marahang sagot niya na tila di makapaniwala sa mga pangyayari.